SANGGUNIANG BAYAN

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

KAPASIYAHAN BAYAN BILANG 94-159

KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA PUBLIC ESTATES AUTHORITY (PEA) NA ANG "PABAHAY SA LOOB NG ALABANG STOCK FARM (ON-SITE HOUSING UNIT)" NA KANILANG IPINAGKAKALOOB SA MGA NANINIRAHAN SA LOOB NG ASF AY MAPABABA ANG HALAGA.

************************************************************

Ipinanukala nina: Kgg. Rufino B. Joaquin
Kgg. Rey E. Bulay
Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.

************************************************************

SAPAGKAT, ang PEA at FILINVEST ay nagkaloob ng iba't-ibang programang pang-relokasyon sa mga naninirahan sa loob ng ASF;

SAPAGKAT, ang isang programa ay ang pabahay sa loob ng ASF na may uring "condominium type" at may sukat ng hindi bababa sa 23.10 metro cuadrado at nagkakahalaga ng P261,500.00 para sa isang yunit;

SAPAGKAT, ang karamihan sa mga naninirahan sa ASF ay pawang ordinaryong kawani lamang ng iba't-ibang ahensiya ng gobyerno ay maaaring hindi sumapat na pambayad sa programang pabahay sa loob ng ASF;

SAPAGKAT, marami sa mga naninirahan sa ASF ang hindi maku-qualify sa nasabing programang pabahay dahil sa kaliitan ng income ng mga ito;

SAPAGKAT, ang tina-target na benepisyaryo ng programang socialized housing ng gobyerno ay ang mga maliliit na kawani na nagnanais na magkaroon ng sariling bahay na matitirhan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na hilingin sa PEA na ang pabahay sa loob ng Alabang Stock Farm na kanilang ipinagkaloob sa mga naninirahan dito ay mapababa ang halaga sa katamtaman o sapat lamang para sa isang ordinaryong mamamayan na naninirahan sa Alabang Stock Farm sakaling hindi ito maipagkakaloob ng libre ng pamahalaan sa pamamagitan ng PEA.

PINAGTIBAY NA HIGIT NA NAKAKARAMING Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-95th regular na pulong na ginanap ngayong ika-01 ng Agosto, 1994.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

(Di-Lumahok)
KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

(Di Sang-ayon)
KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

(Absent)
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

(Di Sang-ayon)
KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

(Di Sang-ayon)
KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

(Absent)
KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan